# K U M P U N I

**M G A N I L A L A M A N**


| | |
|---|---|
| Nakatanaw Siya sa Guhit-Tagpuan ng Langit at Dagat | **1** |
| Ang Pagbisita | **3** |
| Idulog ang Pagod ng Iyong Katawan | **5** |
| Silang Nagkayayaan Matapos ang Huling Araw | **6** |
| Ang Biktima | **8** |
| Nang Maitayo ang Gusali | **9** |
| Pakyawan | **10** |
| Pag-aantanda ng Araw sa Isang Trabahador | **11** |
| Tatay | **12** |
| Ilang Ekipo ng Isang Artesano | **13** |


**Nakatanaw Siya sa Guhit-Tagpuan ng Langit at Dagat**

Nakatanaw siya sa guhit-tagpuan ng langit at dagat,
waring naririnig ang pintig at piglas ng kalmadong alon –
nagbabalikwasang tila panaginip sa mukha ng langit.
Nang lisanin siya ng kanyang kabiyak mula sa pantalan,
mahahantungan mo ang kanyang pigura sa lunan ng lungkot,
lumanay, at dahas ng hinga ng dagat: puputok ang bula
at hahalik-halik ang tabsing ng alat sa kanyang napagal
sa ningas ng araw ng pagpupuhunan ng malay at buhay
sa bawat tipanan ng buhangin, graba, semento, at tubig;
pakikipagtuos sa tiyak na lintog, sa burak na lunos,
at sa mga sugat na wala nang lunas at ligtas sa larang
ng pag-aalwagi o pagpupunyagi sa kasalukuyan.
Talang nasusunog ang maibabasbas sa mga kilapsaw
dulot ng pagpintig at pagpupumiglas ng lunday ng alon.
Ipinaaabot ng mga salita ang isang paalam
sa hawak na liham mula sa kabilang pampang ng dayuhang
pinangangamuhan ng kanyang kabiyak: inalagwa sila
ng di-masusukat na layo ng agwat na pumapagitan.
O kaya'y gunita ang magpapangalan sa aral ng palad
ng paghahagilap – mula pakisuyo sa mga kilalang
magsasabi man lang sa kanyang kabiyak na tumawag ito.
Kahit telepono, o elektronikong liham man lamang
sana magparamdam, sana magpaalam , o kahit magkwento
nang labag sa loob, kung ano ang lagay, o kung buhay pa ba.
Siguro'y sumadsad ang kanyang pag-asa sa kailaliman,
tinunaw ng alat, 'pagkat maaaring nilamon ng ibang
kandungan ang puso ng kanyang kabiyak sa kabilang pampang.
Sadyang may sandaling may taib at hibas sa loob ng dibdib
sa katotohanang kirot at silakbo sa pinaghugutan
ng tadyang. Babala? Masisisi ba n'ya ang lawak ng lawas
kapag nilalagom ng tingin ang harap ng buhay na dagat.
Siguro'y natanong na niya sa lumot ng mga batuhan
ang mga dahilan ng nababalaho't naglalahong buhay
ng lahat ng isdang nagpalutang-lutang, pati pangungutim
ng mga korales, pagdungis ng langis at kung papaanong
maging ang pag-ibig ay nakulapulan na rin ng kalawang.
Saan magmumula ang inaabangang mga kasagutan
kung may hanggahan ba ang kawalang-tiyak ng pamamalaot
sa ibayong dagat nang kumita man lang kahit lagot-lagot
na hiblang-liwanag upang ipadala sa isang pamilya?
Marahil, may bulong ang tilamsik-alat tungkol sa panustos,
pa-baon sa anak, pambili ng sabon, pang-laman ng tiyan,
pambayad sa utang, kinunsumong tubig, at saka kuryente
na 'di maririnig ng mga nahimpil na sasakyang-dagat.
Naroon din siya, doon sa daungan para salubungin
ang barkong dumating at nagbaba ito ng napagkamalang

pamilyar na mukha sa lupa ng bayan. Isa itong hudyat
    o maaari ding isang pahiwatig ng sumpa ng tubig.

Nakatanaw siya sa guhit-tagpuan ng langit at dagat,
    tinutunton niya ang kanyang pagsintang hindi nakabalik
at wari'y napadpad hanggang sa katihan ng kabilang pampang;
    ngunit may panatang may layong maghatid ng awit sa dibdib.

**Ang Pagbisita**

I.

Tulog ka, Inay,
no’ng bumungad si Itay sa pinto ng ating dampa
isang gabing nagdarasal ang mga kuliglig.

Namamawis ang mga kamay ni Itay
sa tulog na riple. Nangangalay ang aking titig
sa kanyang agad ding lumisan.

II.

Batid mo, Inay,
no’ng magkasama kami ni Itay
dahil wala pa ring alok ng pagkukumpuni,
sinilaban namin ang kasukalang nakabalumbon
sa gilid ng ating bahay
para mapakinabangan ang lupa ng laylayan ng bundok
sa pagpupunla ng mais at palay
gayong sumisilip sa balat
ang pawis
at wala akong ibang naririnig
kundi daing
ng aking t’yan at ihip ng darang na hangin.
Natupok ang mga kahoy,
mga halamang-gubat,
at mga tagong nilalang
sa pugad ng lamig at dilim
nang gumapang ang alupihan
ng apoy
paloob ng ilang.

Nakapamintana ka, Inay.
Hindi masukat ng aking malay
ang layo ng iyong tinatanaw
nang pumailanlang sa ere
ang pira-pirasong karbon
na tila mga ligaw na kaluluwang
dahan-dahan ring humalik sa lupa.

III.

Nagtakip ako ng mga tenga
sa dalang pangingilo
ng taginting
ng mauling na kaldero
sa banggerahan
habang tinutuklap mo, Inay,
ang kaning-tutong
para muling lamnan ng tubig at bigas
na isasalang sa ibabaw ng uling
na kasing-dilim ng gabing iyon
bago mamula at magliyab.

Ikinagulat mo, Inay,
ang pagdating ng mga sundalo
habang humihilab ang sinaing.
Tinanong kita
kumbakit
hinahanap nila si Itay.
Marami kasing dapat ayusin
sa gobyerno, ang sabi mo.
Sa isip ko, bakit hindi dumarating si Itay
kung kailan kailangan ng mga nangangailangan
ang tulong n'ya bilang karpintero?
Isang tandang pananong sa aking ulo
ang lilik na nakadantay sa dinding
at parang pinupukpok ng martilyo
ang tigkabilang sentido ko.

IV.

Habang humuhupa ang bagsik
ng aking gutom
sa nakagiyang kislap ng gasera,
sinasakmal ng katahimikan
ang loob ng ating dampa, Inay.

Kung magdadasal man ulit
ang mga kuliglig
at bubungad si Itay sa pinto,
sana gising ka.

**Idulog ang Pagod ng Iyong Katawan**

Humimlay ka muna sa aking kandungan
Ngayong gabing hidwa ang antak ng pawis.
Idulog ang pagod ng iyong katawan.

Lumikha ng luha o maging ng dasal
Sa dilim ng gabing ako’y nasasabik.
Humimlay ka muna sa aking kandungan.

Sa natibang dibdib, nalangong himaymay,
Kikit’lin ng halik ang natamong sakit.
Idulog ang pagod ng iyong katawan.

Kung magmamaktol ka tungkol sa arawan[1];
Makikinig ako, sasalo sa tiis .
Humimlay ka muna sa aking kandungan.

Paghihilumin ko ang latay ng araw
Dulot ng maghapong buhay-pagsasandig.
Idulog ang pagod ng iyong katawan.

Sakaling indahin ang kirot ng subyang,
Halika ka, ginoo, ako’y abot-kamay.
Humimlay ka muna sa aking kandungan;
Idulog ang pagod ng iyong katawan.

**Silang Nagkayayaan Matapos ang Huling Araw**

Nagkayayaan
silang mga trabahador
na ilibre ang isa't-isa:
tugon sa huling hiling
ng pagtatapos ng gawa.

Pagkaraang pagbabaklasin
ang mga iskapold
at ibunton sa sulok
ang mga piraso
ng mga gatong tabla,
yero, playwud, at lawanit,
wari'y itinambak din nila
ang mga sarili
sa kawalang-tiyak
ng bukas
matapos subukin
ang likas nilang pakinabang
at tatag.

Maaaring muli silang matulad
sa mga estranghero
ng s'yudad. Maghahanap sila
ng mga kakilala o mga kapwa-
manggagawang susukat
sa bilang ng pakiusap nila't puwang
bilang mga karpintero. O tao.
Umaasa sila at nababagabag
sa paghaharap ng kaluluwa at alak:
pag-iimbot o pagtatapat?

Lumarga silang bitbit-bitbit
ang kani-kanilang mga gamit-
pantrabaho. Inimpake ang lahat
ng mga tubal nilang damit.
May ngiti sa labi
ang ilang mga kasama
matapos timbangin
ang sahod sa ilang buwan
ng paggawa. Tinant'ya ang kita
para i-ambag sa inuman
at isubi sa mga palad ng asa-asawa.
Napailing ang ibang may kaltas

ang sahod. Dumaing-daing.
Napakamot sa ulo’t napabuntung-hininga.
Siguro’y yamot sa arawang ininda
ng kanilang mga kaluluwa.
Kaya’t nagkayayaan silang itagay ang alak
at padaluyin sa mga lalamunan
ang kinamihasnang pait
ng karanasan
sa kanilang pamumuhay.

Nauwi ang lahat sa pagkalango
ng damdaming bumubulwak
mula sa mga bitukang nilasing
ng gutom, hirap, at pangamba.
Pinulutan nila ang mga bagay
na kagila-gilalas
sa umpukan
na nagpapaikot sa alak
at mga mundo nila. Kanilang ginalugad
ang mga silakbo’t kirot
ng himaymay ng mga d’welong dinanas
sa larang ng pagkakarpintero.
Idinighay nila ang kahibangan
ng kahapon.

At sa huli,
inihatid sila
ng kanilang mga pangarap
papauwi sa kanilang mga tahanang
may naghihintay
nguni’t hindi magagawang magtanong.

**Ang Biktima**

Napabalitang dinalaw siya
ng panganib sa gusaling
pinagtatrabahuhan niya
nang walang pasabi
o babala.

Ni walang paghahanda
sa pagiging biktima
sa kisap-matang paglalaho
ng may-sala.

Pagsusukat ng kamatayan
ang kahulugan ng disgrasya
sa kinahulugang tayog
ng kanyang katawan
mula sa iskapold
pabulusok
sa lupa.

Walang memorya
o anumang ebidensya
ang mapanghawakan
ng naiwang pamilya
upang itangis
ang hustisya.

Bukod sa mga kasangkapan,
tanging bangkay niya
ang iuuwi
sa sariling tahanan.

**Nang Maitayo ang Gusali**

Sa tipuno ng dambuhala
mula sa paanan nitong may bunton
ng mga piraso ng mga gatong tabla,
yero, playwud, at lawanit,
nakatingala silang lahat
maliban sa mamang pawisang-pawisan
sa pagpa-pala
ng natuyong labusaw na halo[3]
sa balat ng lupa.

Matapos saidin
ang nangunyapit na tigas
ng halo,
dumura ang mama.

Dinilaan
nang dinilaan
ng naligaw na aso
ang manilaw-nilaw
na kalaghara.

**Pakyawan**

Napagkasunduan ang pakyawan[2].
Kapwa sila naghalakhakan
nang maitakda ang simula't wakas
ng tiyak na kikitain sa loob ng taning
ng mga araw ng pagta-trabaho.
O maaaring in-estima ng may-ari
ang pahinga't galaw ng katawan
bago pa magkamayan sa halaga.
Bumaling sa akin si Tatay. Alangan
ang usapan kapag tatanggihan pa
ang alok naming garantiya. Piho
kung mangusap kami sa trabaho
o makipagbuno sa tigas ng pako.
Nasa pag-uusap ang kasukdulan
ng tatamuing mga kalyo't paltos
ng balat. Nasasalapote[4] ang haplos
ng langis kapag manhid ang gabi.
Lalaging nauumid kapag titingin
siya ng sukli ng pagsang-ayon ko .
Marahil, nagtatag(p)o ang pasya
sa mga posteng dinaanan namin
pabalik sa mga kalye't kalyehon
na aming nililikuan. Magagawi
na lamang kami sa nakagawiang
alyansa ng bituka at pamimitig
ng aming katawan at kaluluwa.
Gaganaping muli ang pagtutuos
sa batas ng pagpapataw ng utos
o atas sa pakyawan naming buhay.

**Pag-aantanda ng Araw sa Isang Trabahador**

Marahil, may nakatakdang kaarawan
ang lungkot iyong katawan.

Nagdiriwang itong panay ang paanyaya
sa mga bisitang tulad rin nito

ay hindi nagpapaunlak sa pansamantalang
pananatili sa loob iyong sarili,

sa halip, pananahan nang lubusan
sa himaymay ng iyong kabuuan.

Malalaman mo lang, nawawalan na
ng puwang para sa iba pang uri ng pakiramdam;

nagaganap ang iyong mga pagpapanggap
sa pagkilala ng mukha ng mga halakhak.

Tumatanda kang tumatanda rin
ang kawatan ng iyong pang-unawa.

Subali't may ipinapangako ang kapalaran –
na ang lahat ay mabubuhay sa sinapupunan

ng hangganan. Nakukuhang ibilang
ang anumang kahilingan sa kabuluhan

ng iyong pananalangin at paghihintay sa hindi imbitado
ngunit may paghahandog ng panahon. Tulad ng iba pa,

ang umagang ito ay isang panahon ng pamumungay
ng iyong mga mata sa hubad na araw

at pagpikit-mulat sa agnas na atip ng tahanan
nating umakbay sa iba. Mula sa higaan,

ang sariling katawan ng lupa ay nagiging saksi
sa mga naganap at hindi naganap

sa pananaginip kahit man lang saglit
sa nililikha mong moog sa dibdib.

**Tatay**

Pupungas-pungas pa sa higaan
ang paslit na kababangon lamang
nang datnan ng tatay niyang may sukbit
na bag – laman ang gamit-pantrabaho;
at labit ang supot ng lugaw.

Umingit ang higaan
nang pilit-umupo
ang paslit para sumalubong
ng titig sa dumating.
Paika-ikang lumapit sa gilid
ng higaan ang tatay .

Pumailanlang ang usok
nang maisalin ang lugaw sa hawong.
Mga minutong pumapatak ang likido
sa loob ng nakasabit na dextrose
papasok sa dilat na ugat
ng paslit na napabalitang nakabitaw
mula sa sanga ng puno
ng caimito ng kapitbahay.

Habang sumusubo ang paslit,
nakatanaw sa labas ng bintana ng hospital
ang tatay niyang siguro’y latang-lata
sa pagkukumpuni
ng mga paraan kung saan at paano
muling makakadelihensiya
ng pambayad sa ospital
o ng pambili man lang ulit
ng lugaw.

**Ilang Ekipo ng Isang Artesano**

I. Pako

Wari’y kasalanan
ang paglubog ng pako
sa magkatipang dos por dos
sa sigida ng pukpok
habang lumalagos
ang pawis mula sa balon
ng kanyang balat:
Isang aparato
ng karpinterong tumutudla
ng pag-asang
mailabas ng hospital
ang anak
na may suwero pa
ang ugat. Nakadilat
ang araw
habang binabalangkas niya
ang suma ng kikitain
at tinatantiya, sinisipat
ang puntirya
niyang kasalukuyan.
Sa bawat paglubog
ng pako,
wari’y nagsusupling ng awit
ang mga pukpok
sa kahoy na pinasan
ng isang hudyong
bumaybay
mula Herusalem
patungong pook ng mga bungo
para doon sukat-palubugin
ang pako
sa mga palad
at mga paa
at paglagusin
ang dugo ng hudyo
na malaon nang namulaklak,
nagsalba ng mga buhay
at humugot
ng laksa-laksang pako
ng kasalanan
ni Adan at Eba.

II. Lagari

Tanda ko pa noon,
nagngangalit ang mga ngipin
ng lagari ni Tatay: kagat-kagat
ang bangkay ng puno
ng molave
habang nasa lilim kami
ng punong mangga.
Humigit-kumulang dalawang dipa
ang layo ng pagmamasid ko
sa bawat arangkada
ng talim na
umuurong -
                sulong
sa tingin
ng mga mata kong may muta pa.
Nang mahati ang kahoy,
wari'y nahati din ang katawan ko
sa dalawa: isang nananabik
sa yumao kong nanay.
At isang katawang walang kaluluwa
lumuluha
kapag may mga gabing ginagayat
ng aninong sumasanib sa dilim
sa pintuan ng silid ang aking kwarto
at tumutungo
sa pagitan
ng aking mga hita
at ngumangatngat
sa loob ng aking niloloob
ang manloloob.

Kung buhay pa sana
ang nanay ko
no'ng umagang iyon, makikita niya:
mga retaso ng puno akong nagkalat
sa lupa
sa mga ayuda
ng nagngangalit na mga ngipin
ng lagari
ng Tatay kong nagtitistis ng sigarilyong
hindi niya naubos
isang gabing nag-iwan siya
ng bakas
sa kaloob-looban ko.

III. Martilyo

Nabuo ang palasyo
Sa bayo ng martilyo.
Dadami ang kabaong
Sa bantang demolisyon.

IV. Klampa

Pugong na matris
Ang resulta ng bale –
Sagot sa krisis.

V. Pait

Naglubid ang mga kalye
Ng ugat sa iyong imahe.
Pumupulupot ang katal
Sa balete mong katawan.

Magpahingalay ka, Amang,
Sa nililok mong kandungan
Sapagkat puspos ng tiis
ang kasangkapan mong pait.

VI. Kikil

Kumikislap ang kamay
niyang bakal sa bakal
na pangalot ng gaspang.

VII. Katam

Pagdama
ang tawag sa kinis
ng hiningang dumantay sa pisngi
        ng suso ko
bago ko naunawaan ang lahat
pagkatapos mong humalik
        sa labi
ng namamawis
nang bote ng beer.

Inaninag mo pa
ang pitaka
kung may pansubi pang iaabot
kay Misis
mula sa kaltasadong sweldo.
Kinuwentuhan mo pa nga ako
tungkol sa muntik-muntikan mong pagkalibing
sa ilalim ng gumuhong konkretong drainage system
na pinakyaw ninyong magkukumpare
bago mo pinulutan
ang labi ko
at himasin ang kinis
ng ruta
ng aking leeg
patungo sa kahabaan ng abenida
ng lunsod
ng aking dibdib
hanggang masukol
ang teritoryo
ng aking ligalig.
Hindi ko batid ang inhenyeriya
ng laway
sa pagpapatag ng kasukalan
ng balahibo ko
at sa pagbabawas ng kapal
ng libag
sa pusod ng pangamba. Ngunit lagi kang naroroon
sa dulo
ng aking katawang tila tabla
na kailangang kutabin
hanggang kuminis
ang balat
ng kaluluwa ko: tanaw -
tanaw mo
ako sa rurok
ng peligro at kaluguran.
Gumiling-
Giling ako
sa harot
ng indayog
habang kinikilatis
ng mga nangangalirang
na bombilya
ang kuweba ng aking poot.
Pinapahiyasan mo
ng titig

ang kabuuan ko
habang humihilab
sa ilong ko ang
singaw ng serbesa’t usok
ng mga sigarilyong
tila gayuma.

At muli, iluluwal
                              ako
mula sa sinapupunan
            ng putahan,
makinis
na makinis
na yayakap
sa hinabilin kong anak.

At ikaw, nauunawaan ko na:
Ikaw, ang dumarantay
sa balat
ng aking kaluluwa
at nagpapatindig
ng mga balahibo ko –
ang pinaghuhugutan
ng aking pandama.

* * *

## Tala

[1] **Arawan** – Paggawa nang may kaukulang sahod pagkatapos ng bawat araw batay sa napagkasunduan ng amo at ng mga manggagawa

[2] **Pakyawan** – Kasunduan na tapusin ang isang gawain o trabaho ng mga manggagawa sa loob ng isang taning na panahon at tiyak na halaga

3 **Halo** – Paglalahok ng semento, graba, buhangin at tubig na inilalagay sa isang sisidlan

4 **Salapote** – Paghamig o pagkuha ng bagay na napagtagumpayan